# SUPPLEMENTAL LESSONS

## Sibika Baitang 2
## Ikalawang Markahan

Various online tools which make teaching and learning richer
and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to **www.rexinteractive.com**

## Paksa: Ang Pinagmulan ng Aking Komunidad

**Layunin:**

- Nakapagsasalaysay ng pinagmulan ng sariling komunidad batay sa mga pagsasaliksik, pakikinig sa kuwento ng mga nakakatanda sa komunidad, atbp.
- Nakagagawa ng maikling salaysay ng mga pagbabago sa sariling komunidad sa iba't ibang aspeto nito tulad ng uri ng transportasyon, pananamit, libangan, pangalan ng mga kalye, atbp. sa pamamagitan ng iba't ibang sining (hal. pagguhit, paggawa ng simpleng grap, pagkuwento, atbp.)

**A. Panimula** (*Picture Analysis at Pagkukuwento: Larawan ng Pagbabago ng Kultura*)

1. Simulan ang aralin sa pamamagitan ng pagpapakita ng mga larawan ng mga kalye sa komunidad. Magkuwento rin ng kaunti tungkol sa pinagmulan ng mga pangalang ito.
2. Ituro rin sa mga bata ang kahalagahan ng kultura sa buhay ng isang komunidad.

**B. Paglinang** *(Malayang Pagtalakay, Paggawa ng Komik Istrip)*

1. Magsimula sa isang malayang talakayan tungkol konsepto ng kultura at ang mahahalagang uri nito (materyal at di-materyal na kultura). Hayaang magbigay ang mga bata ng mga halimbawa sa bawat uri.
2. Matapos linawin ang konsepto ng kultura, hayaan din ang mga bata na magsagot ng isang papel na magpapakita sa kanila ng uri ng kultura. Ang papel ay magmumukhang kagaya ng nasa kabilang pahina:

**Pangunahing Pang-unawa:**

- Dahil sa pagkakaiba ng mga topograpiya at iba't ibang aspeto ng kultura, nagiging magkakaiba ang kultura ng isang komunidad.

**Pangunahing Tanong:**


- Bakit magkakaiba ang kuwento ng kultura o pinagmulan ng komunidad?

**Ika-21 Siglong Kasanayan:**

- Kasanayang malalimang pag-aanalisa (*Critical Thinking*)
- Kasanayan sa wika: pasalita o pasulat (*Communication Skill*)

**Mga Kagamitan:**

- Manila paper
- Sagutang papel
- Gamit pangkulay




**Panuto**: Magtanong ng impormasyon tungkol sa mga nasabing aspeto ng kultura. Magtanong din ng mga kuwento tungkol sa mga nasabing aspeto ng kultura.

3. Dadalhin ng mga bata ang sagutang papel na ito sa bahay. Tatanungin ng mga bata ang kanilang mga magulang o kasama sa bahay tungkol sa impormasyon na nakasulat sa papel. Dadalhin nila ito sa klase sa susunod na araw.
4. Dala ang mga kuwentong nakolekta nila, gagamitin nila ito para sa susunod na gawain.
5. Magkakaroon ang mga bata ng kuwentuhan ng kultura ng komunidad. Sisimulan ang gawain sa pamamagitan ng paghahati sa klase ayon sa komunidad na tinitirhan nila. Gagawa sila ng isang komik istrip na may walong hati na magpapakita ng kuwento na pinagmulan ng komunidad. Iguguhit din nila ang mga tauhan ayon sa kuwento. Maaaring magkuwentuhan muna ang bawat grupo bago gumawa ng komik istrip.

C. **Pagpapatibay** *(Diskusyong Pangkalahatan, Role-playing, at Pagbabahagi ng Kwento)*

1. Matapos ang paggawa ng mga komik istrip, sasabihan ang bawat grupo na ikuwento ang kanilang ginawang komik istrip. Maaaring gawin nila sa pamamaraang *role-playing* upang maging maganda ang presentasyon ng komik istrip.


Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to **www.rexinteractive.com**

2. Matapos ang pagkukuwentuhan, dalhin ang diskusyon sa paglalagom.
3. Paglalagom: Itanong at sagutin din ang mga Pangunahing Tanong.
4. Bilang paghahanda sa susunod na aralin, ang mga bata ay magtatanong sa kanilang mga magulang at isusulat nila ito sa kanilang kwaderno.
    - Magdala ng mga larawan ng bantayog o gusali o simbolo na kilala tungkol sa komunidad. Ilagay ito sa kwaderno.

## Paksa: Ang Kakaibang Katangian ng Aking Komunidad

**Layunin:**

- Nakasusuri ng pagkakaiba ng kalagayan ng kapaligiran ng sariling komunidad (Halimbawa: mga anyong lupa at tubig, ngayon at noon)
- Nailalarawan ang pagkakakilanlang kultural ng komunidad
- Natutukoy at naipaliliwanag ang mga katangiang nagpapakilala ng sariling komunidad (Halimbawa: tanyag na anyong lupa o tubig, produkto, pagkain, tanyag na kasapi ng komunidad, atbp.)

**A.** **Panimula** *(Panonood ng Video "Tara Na, Biyahe Tayo")*

1. Manonood ang mga bata ng isang *video* ng Department of Tourism "Tara Na, Biyahe Tayo."
2. Tanungin ang mga bata kung ano ang mga bagay na nakikita nila tungkol sa kultura ng Pilipinas.

**B.** **Paglinang** *(Malayang Pagtalakay, Pagsagot ng Isang Sagutang Papel)*

1. Magsimula sa pag-aalala tungkol sa ideya ng kultura at mga uri ng kultura.
2. Hayaan ang mga bata na mangolekta ng datos mula sa mga kaklase. Ang sagutang papel na kanilang sasagutin ay katulad ng nasa ibaba:

Punan ang mga kinakailangang impormasyon sa ibaba. Magtanong sa mga kaklase para masagot ang mga ito.

| Lugar ng Komunidad | Anyong Lupa at Tubig na Nakikita sa Komunidad | Hanapbuhay ng mga Tao sa Komunidad | Mga Kilalang Bantayog, Gusali o Lugar na Kilala sa Komunidad | Mga Kilalang Pagkain |
|---|---|---|---|---|
| Mag-aaral 1 | | | | |
| Mag-aaral 2 | | | | |
| Mag-aaral 3 | | | | |

**Pangunahing Pang-unawa:**

- Ang mga katangian tulad ng topograpiya, at materyal na kultura na hinuhubog ng mga tao sa komunidad, ang nagdaragdag sa pagiging kakaiba ng komunidad.

**Pangunahing Tanong:**

- Paano nagiging kakaiba ang isang komunidad?

**Ika-21 Siglong Kasanayan:**

- Kasanayang malalimang pag-aanalisa (*Critical Thinking*)
- Pagkamalikhain

**Mga Kagamitan:**

- Sagutang papel
- *Video* ng "Tara Na, Biyahe Tayo"



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

3. Tanungin ang mga bata kung ano ang pagkakaiba ng mga impormasyon na nakolekta.

**C. Pagpapatibay** *(Diskusyong Pangkalahatan, Role-playing, at Pagbabahagi ng Kuwento)*

1. Matapos ang pagsasagot, tanungin ang mga bata ng ilang mga tanong.
2. Paglalagom: Itanong ang mga Pangunahing Tanong.
3. Bilang paghahanda sa susunod na aralin, ang mga bata ay magtatanong sa kanilang mga magulang at isusulat nila ito sa kanilang kwaderno.
   - Magtanong sa mga matatanda kung ano ang pagbabago ng komunidad. Isulat ito sa kwaderno.

## Paksa: Ang Aking Nagbabagong Komunidad

**Layunin:**

- Naiuugnay ang mga sagisag, natatanging istruktura, bantayog ng mga bayani, at mga mahahalagang bagay sa kasaysayan nito na matatagpuan sa komunidad
- Nailalarawan ang dami ng tao sa sariling komunidad sa pamamagitan ng grap
- Nakabubuo ng maikling salaysay tungkol sa mga bagay na hindi nagbago sa komunidad (Halimbawa: pangalan, pagkain, gusali o istruktura)

**A. Panimula** *(Pag–awit ng mga Awiting Bayan)*

1. Magsimula sa pag-awit ng mga awiting bayan tulad ng Bahay Kubo, Leron, Leron Sinta, at Dandansoy.
2. Tanungin ang mga bata kung ano ang sa palagay nilang kapaligiran ng lugar ayon sa kantang inawit nila. Tanungin rin sila kung kinakanta pa nila ang mga kantang ito ngayon. Hayaan rin na makita ng mga bata na nagbabago ang mga kanta na inaawit sa isang komunidad.

**B. Paglinang** *(Paggawa ng Timeline)*

1. Bigyan ng pagkakataon ang mga bata na makinig sa matatanda sa bahay bilang asignatura. Tanungin kung ang kuwentong ito ay alam pa ng mga tao sa pamamagitan ng pagtatanong nito sa magulang o kasama sa bahay.
2. Matapos ang pagkukuwentuhan, hayaang sagutan ng mga bata ang sagutang papel na makatutulong sa kanila na magpapatahak sa pagbabago ng komunidad. Ang sagutang papel ay parang kagaya ng nasa kabilang pahina:

**Pangunahing Pang-unawa:**

- Ang mga tao ay gumagamit at gumagawa ng mga pagbabago para sa ikauunlad ng komunidad.
- Nagbabago ang komunidad upang maka-akma ang mga tao para sa kaunlaran.

**Pangunahing Tanong:**

- Paano nagbago ang kuwento ng inyong komunidad?
- Bakit nagbabago ang kuwento ng inyong lipunan?


**Ika-21 Siglong Kasanayan:**

- Kasanayang malalimang pag-aanalisa (*Critical Thinking*)
- Kasanayan sa wika: pasalita o pasulat (*Communication Skill*)
- Pagkamalikhain



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

Isulat sa baba ang mahahalagang pagbabago ng inyong komunidad:




C. **Pagpapatibay** *(Diskusyong Pangkalahatan at Pagbabahagi ng Kuwento)*

1. Hayaang tingnan ang takda sa klase. Gamit ang *Think, Pair and Share*, hayaang magkuwentuhan ang mga bata tungkol sa timeline na gawa nila. Bigyan sila ng 2–3 minuto para tapusin ang gawain.
2. Pumili ng ilang bata para magbahagi ng nakuha nilang kuwento.
3. Paglalagom: Itanong ang mga pangunahing tanong.
4. Bilang paghahanda sa susunod na aralin, ang mga bata ay magtatanong sa kanilang mga magulang at isusulat nila ito sa kanilang kwaderno.
    - Magtanong sa mga kasama sa bahay at magulang ng mga simbolo at mga kilalang imprastraktura ng komunidad. Magdala ng mga larawan nito.

**Mga Kagamitan:**
- Sagutang papel
- Radyo
- Mga Awiting Bayan

# Ikalawang Markahan, Baitang 2, Karagdagang Aralin 4

## Paksa: Ang Mga Tatak ng Aking Nagbabagong Komunidad

**Layunin:**

- Naiuugnay ang mga sagisag, natatanging istruktura, bantayog ng mga bayani, at mga mahahalagang bagay sa kasaysayan ng komunidad na matatagpuan dito.
- Nakabubuo ng maikling salaysay tungkol sa mga bagay na hindi nagbago sa komunidad (Halimbawa: pangalan, pagkain, gusali o estruktura).

**A. Panimula** (*Pag-awit ng mga Awiting Bayan*)

1. Magsimula sa pagpapakita ng mga simbolo ng mga bansa.
2. Hayaang sabihin ng mga bata ang katangian na kinakatawan ng mga simbolong ito.




**B. Paglinang** *(Pangkatang Gawain: Paggawa ng Collage)*

1. Bigyan ng pagkakataon ang mga bata na ilabas ang mga larawang dala nila na napapatungkol sa mga simbolo ng komunidad.

**Pangunahing Pang-unawa:**

- Mahalaga ang mga simbolo at sagisag dahil nagpapakita ito ng mga magagandang bagay na kumakatawan sa komunidad.
- Kung ang mga simbolo ng komunidad ay kumakatawan sa mga pagbabago at mga nakaraan ng komunidad, maaari niyang katawanin ang mga pagbabago ng komunidad.

**Pangunahing Tanong:**

- Bakit mahalaga ang mga simbolo sa isang komunidad?
- Paano naipapakita ng mga simbolo ang mga pagbabago ng komunidad?


Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

2. Hikayatin ang mga batang gumawa ng *collage* ng mga larawan ng sagisag o simbolo na dala nila. Hatiin ang klase sa apat hanggang limang grupo at hikayatin ang mga bata na gumawa ng simbolo na kakatawan sa *collage* na gagawin. Bigyan sila ng 20 minuto para tapusin ang gawain.

**C. Pagpapatibay** *(Diskusyong Pangkalahatan at Pagbabahagi ng Kuwento)*

1. Idikit ang mga *collage* sa pisara at bigyan ang bawat grupo ng pagkakataon na ipaliwanag ang kanilang gawa.
2. Paglalagom: Gamitin ang mga Pangunahing Tanong para sa paglalagom.
3. Bilang paghahanda sa susunod na aralin, ang mga bata ay magtatanong sa kanilang mga magulang at isusulat nila ito sa kanilang kwaderno.
    - Magtanong sa mga kasama sa bahay at magulang ng mga sining, pagdiriwang, tradisyon ng komunidad.

**Ika-21 Siglong Kasanayan:**

- Kasanayang malalimang pag-aanalisa (*Critical Thinking*)
- Kasanayan sa wika: pasalita o pasulat (*Communication Skill*)

**Mga Kagamitan:**

- *Manila paper*
- Larawan ng simbolo ng komunidad
- *Paste* at panggupit
- Larawan ng simbolo ng bansa

## Paksa: Ang Kapistahan at Kultura ng Aking Komunidad

**Layunin:**

- Natutukoy ang iba't ibang pagdiriwang ng komunidad
- Natatalakay ang mga tradisyon na nagpapakilala sa sariling komunidad
- Natatalakay ang iba't ibang uri ng sining na nagpapakilala sa sariling komunidad (Halimbawa: panitikan, musika, sayaw, isports, atbp.)
- Nasusuri ang kahalagahan ng mga pagdiriwang at tradisyon na nagbubuklod ng mga tao sa pag-unlad ng sariling komunidad
- Nakakalahok sa mga proyekto o mungkahi na nagpapaunlad o nagsusulong ng natatanging mga pagdiriwang sa komunidad

**A. Panimula** *(Pagtingin sa Larawan ng Kilalang Kapistahan sa Pilipinas at Pagpapakita ng Larawan ng Partisipasyon sa Isang Kapistahan)*

1. Magsimula sa pagpapakita ng ilang larawan ng mga kapistahan na ginaganap sa iba't ibang lugar sa Pilipinas. Ipakita rin ang ilang mga magagandang gawain na maaaring gawin ng mga tao sa araw na iyon.
2. Hayaan rin na ipakita ng mga bata ang kanilang mga larawan ng partisipasyon sa isang kapistahan. Gamit ang dyads, hayaan silang makipagkuwentuhan sa isa't isa.
3. Hayaang sabihin ng mga bata kung ano ang kanilang nararamdaman sa araw na iyon. Idiin sa mga bata na ang mga kapistahan ay isa sa mga magagandang bahagi ng kultura ng isang lugar.

**Pangunahing Pang-unawa:**

- Mahalaga ang mga kapistahan dahil naipapakita nito ang iba't ibang aspeto ng kultura na nagbibigay ganda sa pamumuhay ng mga tao sa komunidad.
- Dahil sa naipapakita sa bawat kapistahan ang sining, talento, ugali, at tradisyon ng mga tao sa komunidad, nasasabing ito ay salamin ng kultura ng mga tao sa komunidad.

**Pangunahing Tanong:**

- Ano ang halaga ng kapistahan sa bawat komunidad?
- Bakit ang mga kapistahan ay salamin ng kultura ng bawat komunidad?



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

**B. Paglinang** *(Pangkatang Gawain: Paggawa ng Role-play)*

1. Hatiin ang klase sa limang grupo. Bigyan sila ng isang kapistahan na ipinagdiriwang ng mga tao at bigyan sila ng panahon para maghanap ng datos ukol dito.
2. Hayaan ang mga bata na gumawa ng isang *role-play* ng paraan ng pagsasagawa ng kapistahan sa komunidad. Ipakita rin dito ang mga magagandang sining at sayaw. Sabihin ang pangalan ng kapistahan at bakit ito ginagawa. Maaari rin ipakita ang mga laro na ginagawa ng mga tao tuwing may kapistahan.
3. Bigyan ng panahon ang mga bata na gawin ang kanilang *role-play*. Gabayan ang mga bata sa paggawa nito.

**C. Pagpapatibay** *(Presentasyon ng Role-play)*

1. Bigyan ng tig-10 minuto para sa presentasyon. Hayaan rin ang bawat grupo na ipaliwanag ang kanilang presentasyon pagkatapos.
2. Paglalagom: Itanong ang mga Pangunahing Tanong.
3. Bilang paghahanda sa susunod na aralin, ang mga bata ay magtatanong sa kanilang mga magulang at isusulat nila ito sa kanilang kwaderno.
    - Magtanong sa mga kasama sa bahay at magulang ng mga sining, likas yaman at hanap buhay sa komunidad at bakit ganun ang pamumuhay ng mga tao sa paligid.

**Ika-21 Siglong Kasanayan:**

- Kasanayang malalimang pag-aanalisa (*Critical Thinking*)
- Kasanayan sa wika: pasalita o pasulat (*Communication Skill*)

**Mga Kagamitan:**

- *Manila paper*
- Larawan ng simbolo ng komunidad
- *Paste* at panggupit
- Larawan ng simbolo ng bansa